

## Ulat Balita ng Kinatawan ng Kongreso para sa Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki Isyu bilang: 49



KAWASAKI CITY  
川崎市

Pinamamatnugutan at inilathala ng: Tanggapan ng pantao at Pagkakapantay-pantay  
Ng Kasarian kawanihan ng Kapakanan ng mga mamamayan at Bata  
Tanggapan ng Lungsod ng Kawasaki Petsa ng paglathala: Enero 15, 2014  
(Wikang Hapon) <http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0.html>  
(Madaling salitang Hapon) <http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html>

### Ang Kapulungan ay dumalo sa “International Festival in Kawasaki” at “Tabunka Festa Saiwai”

Noong nakaraang Hulyo 7, (Linggo) , idinaos ang (International Festival in Kawasaki) sa International Center. Sa araw na ito ay may mga pagtatanghal ang iba't-ibang bansa ng kanikanilang katutubong sayaw at awitin kasabay ng pagtitinda ng mga pagkain. Kami, bilang miyembro ng kinatawan ay nagulat sa dami ng mga dumalo sa piyesta at sayang naramdaman lalo na at ito ang aming unang karanasang dumalo dito.

Noong Septyembre 9, (Linggo) naman ay ginanap ang (Tabunka Festa Saiwai) sa Saiwai shiminkan. Ang Tabunka Festa Saiwai ay Ibentong binuo ng Saiwai ward, kung saan ito ay dinaluhan ng karamihang residente ng lokalidad. Alinman sa dalawang nabanggit na ibento ay napakaganda at naging kakaibang karanasan at kapaligiran ang aming natunghayan.

Sa ibentong ito, karamihang gumamit kami ng panel upangi-PR ang Pagpupulong ng kinatawan. Dito, napag-alaman namin na marami sa mga hapon ang hindi nakaka-alam ng tungkol sa pagpupulong ng kinatawang banyaga at mga katanungan ng mga gawain ng tanggapang ito kaya't masasabing ito ay magandang pagkakataong pagpapakilala sa publiko.

Isa pa, nakakatuwa ang 「world quiz」 hindi lamang sa mga bata kundi pati na rin sa mga may edad kung saan nakaranas ng iba't ibang kultura. Inasahang makakadalong muli sa darating na taon.



◆International Festival in Kawasaki◆



◆Tabunka Festa Saiwai◆

### <Iskedyul ng pagpupulong sa taong 2013 ng mga kinatawan>

**Oras : Alas-2hanggang Alas-5ng hapon**

**Lugar : Kawasaki International Center**

**(10 minutos kung lakarin mula Istasyon ng  
Motsumiyoshi, Toyoko line)**

**Mapa : <http://www.kian.or.jp/accessmap.shtml>**

\*\*\*\*\*

**Ika-4 Unang araw Enero 19 (Linggo)**

**Ika-4 Pangalawang araw Pebrero 16 (Linggo)**

\*\*\*\*\*

**Pwedeng dumalo ang kahit sinuman.**

**Halina' + makibahagi sa pagpupulong!**



## <Idinaos ang OPEN FORUM>

Ang Open Forum ng taong 2013 ay idinaos noong Nobyembre 17, (Linggo) sa Nakahara Shiminkan.

Ang Layunin ng Open forum na ito ay upang ipakilala ang mga munkahi na tinatalakay sa loob ng pagpupulong at upang pakinggan ang mga opinion ng mga dumalo bukod sa mga opinion ng mga kinatawan.

Sa taong ito may 120 kataong dumalo kung saan ang forum ay ginanap ng alas-2 hanggang alas-5 ng hapon(3oras). Sa unang bahagi ng programa ay ang talumpati ni Gng. Mioko Tsuboya , Propesor ng Yokohama City University sa temang” Koneksyon ng Komyunidad ng Dayuhan at Lokalidad” . Ipinaliwanag at tinalakay ng propesor ang tungkol sa papel ng mga dayuhan kung saan karamihan ditto ay mga naninirahan sa pabahay ng munisipalidad at miyembro ng lokalidad ng kapisanan at maging ang mga aktibidad ng mga kabataang may koneksyon sa ibang bansa . Habang nagbibigay ng ehemplong detalyadong pagpapahayag, tinalakay din niya ang kasalukuyang sitwasyon at mga hamon dito. Mula sa talatanungan (questionnaire) may mga opinyon tulad ng mga sumusunod: “ayon sa panayam ng propesor, nanatiling sariwa ito” at “Hapon man o dayuhan ay napag-alamang may parehas na hamon at parehas na sitwasyong kailangang harapin at pagtagumpayan ang balakid na tinatawag na kultura”.



Sa ikalawang bahagi, Nagtamo ng maraming opinion mula sa mga lumahok nang ipakilala ng kinatawan na sina Beatriz Izumi Sonoda (Sub-komisyon ng kapakanang pang-edukasyon) at David Chart (Sub-komisyon ng Panlipunang pangkabuhayan) ang nilalaman ng kanilang tinatalakay. Higit sa lahat ang ilan sa mga temang tinalakay noon bago pa lamang ang kinatawan na nagtataglay ng mahigpit na pangangailangan ng pagbibigay pansin ay ang : pagharap ng mga dayuhan bumibisita sa mga ward office, pagbibigay ng tamang impormasyon sa mga ito, ayon sa mga kalahok ay maraming opinion ang nabanggit. Nagbigay ng kanilang mga komento at payo sina propesora Chikako Kashiwazaki ng Keio University at propesor Yuji Nakano ng Komazawa University bilang komentador.



■ Impresyon ng MC



Sa bandang huli, nagkaroon din ng pagsasalo kung saan isa ito sa layunin ng pagtitipon, ang maging mas malalim ang pakikipag-kapwa tao ng mga dumalong bisita, kapwa hapon at dayuhang panig.

Pangalawang pagkakataon ko ang maging MC. Ang pangunahing talumpati na may temang “komyunidad ng dayuhan” ay talagang naging aral sa akin. Sa kabuoan ng pagpupulong napakinggan din ang opinion at impresyon ng mga nakibahagi. Naipahayag at naipaliwanag ng mga kinatawan sa mga panauhin ang mga hamon at layunin. Inaasahan ang kasiyahang naidulot sa mga ito.  
(Brandon Siefken)

Isa ako sa mga naging MC sa open forum. Napakagandang karanasan para sa akin ito. Medyo may bahaging nakaramdam ako ng kahirapan sa temang tinalakay subalit inaasahang ito ay magiging malaking tulong sa mga dayuhang naninirahan dito sa Lunsod ng Kawasaki. Naging matiwasay din ang takbo ng open forum at napakinggan din ang opinion ng mga panauhin kaya't isang aktibong pagpupulong ito.

(Latsamyhanh Keopaseuth)

## ◇ Ulat sa Pagpupulong

### ■ Sub-komisyon ng kapakanang pang-edukasyon

Natapos na ang lahat ng tema ng masusing pagtalakay, mula ngayon ay uumpisahan na ang pag-iipon ng mga dokumentong kakailanganin sa pagbuo ng panukala at inaasahang ipagpapatuloy ang pagkilos tungkol dito.

Noong nakaraang pagpupulong, isa sa mga panukalang napili ay ang (edukasyong pantahanan). Sa panukalang ito, inaasahang maging matiwasay ang pagsasagawa ng edukasyong pantahanan sa pamamagitan ng pagbibigay ng edukasyon sa mga magulang upang makamtan ang sapat na kaalaman at makinabang sa mga suportang nakalaan.

Ang mga natitirang pagpupulong ay inaasahang magkaisa sa isa pang panukalang kung paano bibigyan ng kahalagahan ang pagpapa-abot ng mga kinakailangang impormasyon sa kinauukulan. Muli, ikinagagalak naming malaman sa pamamagitan ng pagpupulong na ito sana'y mas marami pang dayuhan ang magkaroon ng mas maayos na tirahan sa lokalidad matiwasay at tahimik na pamumuhay sa tulong ng edukasyong ito sa pagpapalawak ng kaunlaran sa bayan.

(Beatriz Izumi Sonoda (Sub-komisyon ng kapakanang pang-edukasyon))

### ■ (Sub-komisyon ng Panlipunang pangkabuhayan)

Nasa pinal na pagsasa-ayos na ang sub-komisyon ito sa kasalukuyang term. May 3 tema ang resulta ng masusing pag-iisip. Ang mga tema ay ang mga sumusunod:

Una, Ang pagpapa-abot ng tamang impormasyon. Isang importanteng tema ito para sa mga panlipunang pangkabuhayan, sa nilalaman nito, napag-alamang rekomendado ito bilang isang panukala dahil sa detalyadong isyu ng pangangailangan ng tanggapan ng konsultasyon.

Pangalawa, ang tema ng imigrasyon nan aka-pokus sa isyung pagtawag ng magulang upang manirahan sa bansang hapon. Samantala, ang problemang ito ay hindi kasali sa kalakaran ng Lunsod kaya't inaasahang ipapa-abot ng lungsod mismo ang panukalang ito sa gobyerno.

At ang huli, Pangatlo, ang suporta sa paghahanap ng trabaho, Pinag-usapan ang mga problema kung saan napatunayan na ang mga dayuhan ay hindi tinatanggap sa trabaho sa kadahilanang sila ay mga dayuhan at isa ito sa mga kasong nabanggit. Inaasahang magkaroon ng solusyon ang problemang ito o magkaroon man lamang ng detalyadong aksyon upang magkaroon ng solusyon ito. Samantala, sa kasalukuyan may kahirapan ang pagbibigay o paggawa ng detalyadong panukala na magpapatunay nito. Sa kadahilanang napapalapit na ang oras ng pagtatapos ng paggawa ng panukala, dapat lamang na magkaisa at magtulongan ang mga miyembro ng kinatawan.

(David Chart (Sub-komisyon ng Panlipunang pangkabuhayan))

## <Nakilahok kami sa Disaster Drill>

Kami ay dumalo sa Disaster drill na ginanap noong Agosto 31 (Sabado) ng Kawasaki General Disaster drill. Dito sa bansang hapon, ang Septyembre 1 ay [araw ng kalamidad] at sa panahong tulad nito idinaraos ang pagsasanay sa panahon ng kalamidad o disaster drill. Ang Lunsod ng Kawasaki ay taun-taong kaganapan ito at sa taong ito, ginanap ito sa Todoroki park kung saan dinaluhan ng maraming mamamayan at mga grupo.

Sa pagsasanay na ito, napag-aralan ang sitwasyong pagtulong sa mga taong nasira ang bahay dahil sa lindol, pagpapasa-pasahan ng timba na may tubig pamatay sa apoy, na kung saan nakita ang pagsisikap ng bawat isang dumalo at nakisali sa pagsasanay. Importante ang maging laging handa sa panahon ng kalamidad.

Ito ang aking unang karanasan sa pagsali nito kaya't malaking aral para sa akin, Inaanyayahan ang lahat na sumali din pag may time.

(Minsuk Gong)



### Ang mga impormasyon sa Sunog·Kalamidad ay matutunghayan sa Home page ng Kawasaki

■ [Sonaeru. Kawasaki] ··· Mga kompilasyon ng impormasyong pang-kalamidad.  
<http://www.city.kawasaki.jp/160/page/0000015861.html>

■ [Mapa ng kalamidad] ··· Mapa ng Emergency and Evacuation area.  
<http://www.city.kawasaki.jp/kurashi/category/15-3-13-7-0-0-0-0-0-0.html>

\* Ang dalawang nabanggit ay may dokumentong nasa iba't ibang wika.





## World's New Year (Paano ito ipinagdiriwang)



Sa daigdig na ito, maraming lahi at klaseng relihiyon. At ang bawat bansa, depende sa lugar ay may kanya-kanyang paraan ng pagdaraos ng ng pagtatapos at pagsalubong ng bagong taon.

Sa isyung ito, tatalakayin at ipakikilala ang Bagong Taon sa iba't-ibang lugar ng daigdig.



Una sa lahat ay ang Bagong taon ng bansang Tsina na kung tawagin ay [Kyu shougatsu] o [Shunsetsu]. Sa taong 2014, ang [Shunsetsu] ay gaganapin sa Enero 31. Sa bansang Tsina, ay sumusunod sa [Luni-solar calendar] kaya't ang kanilang bagong taon ay palaging sa katapusan ng Enero o sa kalagitnaan ng Pebrero.

Ang bisperas ng bagong taon o OOMISOKA sa hapon ay panahon ng pagtitipon ng lahat ng miyembro ng pamilya at pagkain ng masasarap na pagkain na tinatawag na [Nenyahan], at sinasalubong ang bagong taon sa pagkain ng Gyouza o dumpling. Sa gabi ay magdamagang maririnig ang paputok at fireworks. Sa Taiwan, Hongkong at sa mga mainland ng Tsina ay pareho ang pagdiriwang ng bagong taon.

Sa bansang Singapore at Malaysia naman ay ipinagdiriwang ng apat na beses sa isang taon dahil sa dami ng lahi sa bansang ito. Subalit sa kadahilanang 70 porsiyento ng tao sa Singapore ay mga Intsik, ang kanilang bagong taon ay napakalaking at bonggang pagdiriwang.

Sa bansang Korea naman mayroon silang lumang kalendaryo at Christian era. Dahil na rin sa epekto ng Confucianism (isang uri ng paniniwala), mas binibigyan ng pansin o halaga ang pagdiriwang ng mga ninuno at mga nirerespetong tao kaysa sa pagtitipon bilang isang pamilya.



Sa Espanya naman, kasabay ng pagdiwang at pagnanais ng kaligayahan sa darating na bagong 12 buwan ng taon, naghahanda ng 12 na butil ng ubas at isinusubo ito kasabay ng pagtunog ng kampana ng simbahan. Sa madaling araw naman ay gagala ang mga ito upang uminom ng mainit na tsokolate at kumain ng Churros.

Sa bansang Brazil, sa bisperas ng bagong taon ay magsusuot sila ng bagong puting damit na nakahanda. Ang puting damit ay sagisag ng kapayapaan.

Sa Rusiya, pangkaraniwan ang pagsalubong ng bagong taon ang pagkakaisa ng buong pamilya. Muli, dahil sa pagsunod ng Russia Orthodox Church at ng (Kalendaryo ng Julian), ang kanilang pasko ay hindi 25 ng Disyembre kundi Enero 7. At ang Santa Klaus ng Rusiya ay Jet Ma lomo ang pangalan kasama nito ang apong si Sunegurachika upang salubungin ang bagong taon sa pamamagitan ng pamimigay ng regalo. Ang kanilang Christmas tree ay pinangalanan ng Yoruka at idinidisplay hanggang Enero 14.



Iba't ibang paraan ng pagdiriwang sa bawat bansa bawat lugar subalit iisa lamang ang ninanais sa tuwing bagong taon walang iba kundi ang kaligayahan ng lahat.

(Yang Yi/Oide Orietta/Yanagisawa Anna)

### **【Katanungan】**

Tanggapan ng mga karapatang pantao at pagkapantaypantay ng kasarian, Kawanihan ng kapakanan Ng mga Mamamayan at mga Bata sa Lungsod ng Kawasaki

1 Miyamoto-cho, Kawasaki-ku Kawasaki City 210-8577

Tel : 044-200-2359 Fax : 044-200-3914 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp

Kinalulugod naming tanggapin ang inyong mga ideya at mungkahi hinggil sa News letter at Kapulungan

Ang papel na ito, ay gawa sa lumang papel na may 70% pulp.

